

Saang high school nais pumasok ng inyong anak? Paggabay sa Pagpasok sa High School para sa mga mag-aaral at kanilang mga magulang na ang pangunahing wika ay hindi Nihongo

●Nagpatala sa High School

Japan 94.2%(2012)

Korea 99.5%(2011)

●Nagpatala sa unibersidad

Japan 57.2%(2012)

Korea 89.8%(2011)

Ang bansang Hapon kagaya ng Korea ay may mataas na porsyento ng pumapasok sa kolehiyo dahil sa paniniwala na mas malaki ang tsansa na makakuha ng trabaho.

Mas makakaigi kung ang mga magulang na may mga anak na nakatira dito sa Japan ay magkaroon ng paghahanda at pagpapalano.

High School ay kumpulsaryo edukasyon?

Napapag-usapan kung ang High School ay magiging kumpulsaryo kagaya ng Junior High School. Subalit sa pagpasok sa High School ay may eksamen na dapat ipasa.

★ Sino ang maaring kumuha ng eksamen para sa pagpasok sa High School?、

① Sinomang nagtapos o ga-graduate sa Junior High school

② Hindi naka graduate sa Junior High School pero may kwalipikasyong natanggap.

★**Mga High School na may entrance examination** - - - - - May entrance examination sa lahat ng mga High School na may full time eskedyul (pang araw na klase) o kaya may takdang oras ng klase (pang gabing klase)、mga public High School (Pref. High School・Municipal High School) at ibang mga pribadong High School. Magtanong sa Saitama Bureau of Education, Entrance Examination window (☎048-556-2439) o kaya sa Saitama BOE, High School Guidance (☎048-830-6766)

■ Sa FICEC, Fujimino International Cultural Exchange Center (Pagpapayo para sa mga Dayuhan) ay tumatanggap ng mga konsultasyon ukol sa pamumuhay sa Japan. Sa panahong ito ay nakakarami ang pagpapayo ukol sa pagpasok sa High School.

Paggabay sa pagpasok sa High School ay gaganapin sa apat na mga lugar ★Libre

1. Sa Fukaya City Kamishiba community center para sa mga nakatira o malapit sa Fukaya City
Sept. 14 (Sun) 13:00-16:00

May libreng shuttle bus mula sa JR Line, Fukaya west exit Ario Fukaya 3rdFlr. 10 min biyahe.

2. Sa Fujimi City Mizuhodai community center para sa mga nakatira o malapit sa Fujimi City
Sept. 28 (Sun) 13:00-16:30

Tobu Tojo Line Mizuhodai west exit, 3 min na lakad

3. Sa Koshigaya City Resident's Support Center para sa mga nakatira o malapit sa Koshigaya City
October 5 (Sat) 13:30-16:30

Tobu Skytree Line Koshigaya Station East, 1 min lakad
Twin City B Bldg 5th Flr.

4. Sa Kawaguchi Residents' Partner Station, Cuopo-la Main Bldg.M-4th Flr., para sa mga nakatira o malapit sa Kawaguchi City,
October 26 (Sun) 13:30-16:30

JRLine Kawaguchi Statio east exit, 1 min na lakad

■ **Mga eskedyul para sa pagtanggap ng aplikasyon sa High School**

February, 2015

17 (Tues) application • admission ticket • inquiry sheet (pagpadala sa koreo, may takdang eskedyul)

18 (Wed)、19 (Thur) hanggang 12:00--- application • admission ticket • inquiry sheet (sa window)

23 (Mon)、24 (Tues) hanggang 16:00--- maaring baguhin ang nais pasukang High School, 1 beses

March, 2015 - - - - 2 (Mon) Pagsusulit na akademiya

3 (Tues) Pagsusulit na praktikal o interbyu (sa iba pang mga paaralan)

10 (Tues) 9:00 Pag anunsyo ng mga natanggap na mga mag-aaral

Nagsimula na ang pangtanggap ng aplikasyon sa kindergarten para sa 2015



May 8 kindergartens sa Fujimino-shi, 7 sa Fujimi-shi, at 3 sa Miyoshi-machi.

Bawat kindergarten ay may kanya-kanyang programa para sa pangangalaga ng inyong mga anak.

Mas makabubuti na pag-aralang mabuti kung saang kindergarten ninyo balak ipasok ang inyong anak.

Magsisimula ang pamimigay ng application forms at gabay para sa kindergarten sa Oktubre 15, at ang pagtanggap ng aplikasyon ay mula Nobyembre 1 para sa taong 2015.

Habang naghihintay sa ipamimigay na mga aplikasyon, mabuting pasyalan at magtanong mismo sa mga nasabing kindergarten tungkol sa kanilang mga programa nang sa ganun ay malaman kung saan nais mag-apply.

Huwag kakaligtaan ang pagpapakuna ng inyong mga anak para sa kanilang kalusugan .

■ May mga regular na bakuna na binibigay para sa mga may isang taong gulang na bata hanggang sa bago mag-20 taong gulang.

★ Hib (Haemophilus influenza type B)

Isang beses, mula 1 hanggang 5 taong gulang

★ Pediatric pneumococcus (para makaiwas sa meningitis) Isa o dalawang beses base sa edad.

★ Inactivating poliomyelitis (para maiwasan ang polyo) 4 na beses hanggang 7 taon at 6 na buwan

★ Pinagsama para sa tigdang at rubella (para maiwasan ang malalang tigdang, tatlong araw na tigdang at pagkabalag) Minsanan sa umpisa at pangalawa.

★ Pinagsamang 2 klase (para makaiwas sa tetanus at diphtheria). Minsanan, 11 ~ bago mag 13 taong gulang

★ Japanese encephalitis (dala ng mga lamok. 20% ay namamatay o nasisiraan ng bait) Unang bahagi, 3 beses (6 buwan ~ 7 taon at 6 buwan), ika-2 bahagi, minsanan (9 ~ bago mag 13 taong gulang)

Bagong Nihongo class at salon, 5-minutong lakad mula Kamifukuoka Station

■ Lumipat ang Nihongo class sa isang bagong gusali matapos ang taunang ebento ng pagkain ng maliliit na wheat noodles (somen), at pagsuot ng Japanese summer kimono (yukata) na ginanap sa dating center. Ang bagong center ay malapit sa estasyon ng tren, kaya't maraming estudyante ang nawiwiling magpunta at mag-aral ng Nihongo.



Para sa mga hindi pa kabisado ang lugar ng bagong center, hanapin ito sa mapa na makikita sa homepage ng FICEC.

Sa bagong center ay ginawan din ng salon kung saan ang mga dayuhan ay maaaring magtipon-tipon at magkuwentuhan habang umiinom ng kape at kumakain ng cookies.

Malugod naming kayong inaanyayahan.

Halina at bumisita, at sumali sa kasiyahan.